# Toolkit sa Privacy ng Mga Menor de Edad

## Pakikipagtulungan sa Mga Menor de Edad: Worksheet sa Privacy at Pagiging Kumpidensyal

Ang worksheet na ito ay isang paraan upang tulungan ka at ang iyong organisasyong pinopondohan ng OVW na nagbibigay ng mga serbisyo para sa biktima na tukuyin ang iyong kahandaang magbigay ng mga kumpidensyal na serbisyo para sa mga survivor ng panghahalay, karahasan sa pakikipag-date at bahay, at pangso-stalk na mga menor de edad. Idinisenyo ito bilang abay kagamitan sa "Pakikipagtulungan sa Mga Menor de Edad: Ano ang Kailangang Malaman Tungkol sa Pagprotekta sa Kanilang Mga Karapatan sa Privacy." Gamit ang iyong Card ng Mga Karapatan sa Privacy ng Mga Menor de Edad na partikular sa hurisdiksyon,[1] inaasahan naming aabutin nang humigit-kumulang isang oras upang makumpleto ang worksheet na ito. Kung kailangan mo ng karagdagang tulong, makipag-ugnayan sa amin. PrivacyTA@victimrights.org.

## Sino ang May Legal na Awtoridad na Gumawa ng Mga Pagpapasya?

**Makakatulong sa iyo ang seksyong ito na malaman kung tinutukoy ng mga patakaran sa privacy ng iyong organisasyon ang pagkakaiba sa pagitan ng paglilingkod sa mga menor de edad na maaaring, at mga menor de edad na hindi maaaring, magbigay ng pahintulot sa iyong mga serbisyo nang walang pakikilahok ng magulang o tagapangalaga.**

Sa aming estado, maaaring pahintulutan ng mga menor de edad ang mga sumusunod na serbisyo sa partikular na edad (hal., mga serbisyo para sa panghahalay, adbokasiya ng biktima, pangangalagang pangkalusugan, mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, atbp.):

| Serbisyo | Edad | Mga Espesyal na Pagsasaalang-alang (hal., dapat abisuhan ng provider ang magulang pagkatapos ng itinakdang bilang ng mga session) |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**Mayroon/Walang** batas o case law sa aming hurisdiksyon na tumatalakay sa emancipation (magbilog ng isa).

Maaaring maging emancipated ang isang menor de edad sa aming estado sa edad na ________.

[1] Hindi pa available ang mga card ng privacy na partikular sa hurisdiksyon na ito.

Maaari ding ituring ang isang menor de edad bilang isang nasa hustong gulang sa ilalim ng batas sa mga sumusunod na sitwasyon:

| Pagbubukod | Edad | Bisa sa ilalim ng batas |
|---|---|---|
| Kasal | | |
| Buntis o isa nang magulang | | |
| Nasa militar | | |
| Iba pa: | | |
| Iba pa: | | |
| Iba pa: | | |

Sa aming hurisdiksyon, ang isang emancipated na menor de edad ay **napapailalim pa rin/hindi na napapailalim** sa mga batas sa pag-uulat ng pang-aabuso sa bata (magbilog ng isa).

Kung emancipated ang isang menor de edad, maaapektuhan nito ang kanyang access sa aming mga serbisyo sa mga sumusunod na paraan:

Ang batas na binalangkas sa itaas ay makikita sa mga sumusunod na patakaran at pamamaraan ng programa, hal., tinatanong namin kung emancipated ang isang menor de edad sa aming intake form, mayroon kaming nakasulat na patakaran tungkol sa kung ano ang dapat gawin kung emancipated ang isang menor de edad, atbp.:

**Makakatulong sa iyo ang seksyong ito na matukoy ang mga batas na nauugnay sa pribilehiyo at privacy sa inyong hurisdiksyon. Pagkatapos, makakatulong ito sa iyo na maunawaan ang saklaw ng mga serbisyong maaari mong ibigay at mga talakayang kakailanganin mong isagawa para sa biktima at magulang o tagapangalaga ng isang biktima.**

Sa aming hurisdiksyon, **mayroon/wala** kaming pribilehiyo para sa tagapagtaguyod-biktima (magbilog ng isa).

Kung mayroong pribilehiyo, **nauunawaan ko/hindi ko nauunawaan** kung kailan maaaring isantabi ng pagkakaroon ng magulang o tagapangalaga ang pribilehiyo (magbilog ng isa).

## Sino ang Makakatanggap ng Aling Impormasyon at Kailan Ito Matatanggap?

**Makakatulong ang seksyong ito na matukoy kung ano ang impormasyong makokontrol ng isang menor de edad. Makakatulong ito na matukoy ang lawak kung hanggang saan maaaring panatilihing kumpidensyal ng isang menor de edad ang mga tala.**

Sa aming estado, ang mga sumusunod na impormasyon (hal., mga tala sa pangangalagang pangkalusugan, tala sa kalusugan ng pag-iisip) ay itinuturing na pagmamay-ari ng isang biktima sa mga sumusunod na edad, at dapat panatilihing kumpidensyal:

| Impormasyon | Edad |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Kung napadalhan ng subpoena para sa mga tala ng isang menor de edad, o upang tumestigo ang isang kawani tungkol sa isang menor de edad na aming pinaglilingkuran (o pinaglingkuran), ang patakaran ng aming organisasyon ay:

Isinagawa namin ang mga sumusunod na hakbang upang tiyaking alam ng lahat ng boluntaryo at binabayarang kawani ang dapat gawin kung makakatanggap kami ng subpoena.

**Makakatulong sa iyo ang seksyong ito na maunawaan nang sapat ang mga obligasyon sa mandatoryong pag-uulat ng pang-aabuso sa batas ng inyong hurisdiksyon upang alam mo kung kailan ka dapat, at hindi dapat, mag-ulat.**

Ang mga sumusunod na propesyon o empleyado ay mga mandatoryong tagapag-ulat sa aming hurisdiksyon (magdagdag ng mga linya kung kinakailangan upang mailista ang lahat ng mandatoryong tagapag-ulat sa inyong hurisdiksyon; i-cross out ang anumang halimbawang hindi kasama sa inyong batas sa mandatoryong pag-uulat):

| Propesyon/Empleyado ng Isang Tagalabas na Organisasyon | Pangalan ng Empleyado o Boluntaryo | Kawani | Boluntaryo |
|---|---|---|---|
| Tagapagtaguyod para sa DV | | | |
| Tagapagtaguyod para sa SA | | | |
| Tagapagtaguyod para sa pangso-stalk | | | |
| Mga pinapamahalaang social worker | | | |
| Abugado | | | |
| Propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip | | | |
| Provider ng pangangalagang pangkalusugan | | | |
| Empleyado sa paaralan | | | |
| Empleyado ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Pantao (Department of Human Services o DHS) | | | |
| Hukom | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

**Nagpapanatili kami/hindi kami nagpapanatili** (magbilog ng isa) ng listahan ng mga indibidwal sa aming organisasyon na mga mandatoryong tagapag-ulat. Ang dokumentong ito ay **regular/hindi regular** (magbilog ng isa) na ina-update at ipinapamahagi.

**Wala/Mayroon** kaming opsyon para sa mga menor de edad na makipag-usap sa isang tao sa aming organisasyon, o i-refer sa isang tao sa ibang organisasyon, na hindi isang mandatoryong tagapag-ulat.

Palagi naming **ibinabahagi /hindi ibinabahagi** sa mga menor de edad at sa kanilang mga magulang o tagapangalaga ang tungkol sa aming mga obligasyon sa mandatoryong pag-uulat bago namin sila tanungin kung paano namin sila maaaring tulungan.

Ayon sa aming batas sa mandatoryong pag-uulat, ang "bata" ay nangangahulugang:

Sa aming hurisdiksyon, ang mga antas at uri ng pinsalang nakakatugon sa kahulugan ng "pang-aabuso," "pagpapabaya," o "pinsala" na nangangailangan ng pag-uulat ay:

Ayon sa aming tribo, estado, distrito, o teritoryo, ang mga terminong ito ay nangangahulugang:

Nag-uulat lang kami ng pang-aabuso sa bata pagkatapos tiyaking iniaatas sa amin ng batas na gawin ito. **Oo/Hindi** (magbilog ng isa)

Kung isa akong mandatoryong tagapag-ulat, ito ang dapat kong iulat:

| Impormasyon | Oo/Hindi |
|---|---|
| Pangalan ng bata | |
| Address ng bata | |
| Mga pangalan at address ng mga magulang o tagapangalaga ng bata | |
| Edad ng bata | |

Impormasyong dapat iulat, ipinagpatuloy

| Impormasyon | Oo/Hindi |
|---|---|
| Katangian at saklaw ng pang-aabuso | |
| Pinaghihinalaang nang-abuso | |
| Kaugnayan ng pinaghihinalaang nang-abuso sa bata | |
| Paliwanag na ibinigay para sa pang-aabuso | |
| Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa pinaghihinalaang nang-abuso | |
| Iba pa (tukuyin): | |
| Iba pa (tukuyin): | |
| Iba pa (tukuyin): | |

Ito ang mga opsyon kung saan ko dapat iulat ang pang-aabuso (hal., Kagawaran ng Mga Serbisyong Pantao, tagapagpatupad ng batas—tukuyin ang (mga) sangay):

**Pinapayagan namin/Hindi namin pinapayagan** ang mga menor de edad na magpasya kung sino ang makakatanggap sa anumang mandatoryong pag-uulat na dapat naming gawin (magbilog ng isa).

**Makakatulong sa iyo ang seksyong ito na pag-isipan ang iyong mga kagawian sa pagpapanatili ng tala, at kung pinakaepektibong pinoprotektahan ng mga ito ang mga alalahanin sa privacy ng isang menor de edad na biktima.**

Mayroon ba kaming patakaran sa kung anong impormasyon ang itatala/hindi itatala sa mga tala ng kliyente? (Mag-attach ng kopya rito.)

☐ Mayroon ☐ Wala

Mayroon bang nakahiwalay na file ang bawat indibidwal na pinaglilingkuran namin (kahit na mayroon kaming iba pang pinaglilingkurang kapamilya nila)?

☐ Mayroon ☐ Wala

**Makakatulong sa iyo ang seksyong ito na pag-isipan ang tungkol sa kung paano panatilihin ang pagiging kumpidensyal kapag nakikipagtulungan sa mga paaralan.[2]**

Tinitiyak ba naming sinanay sa pagiging kumpidensyal at mandatoryong pag-uulat ang mga kawani at boluntaryong nagsasagawa ng outreach o nagbibigay ng mga serbisyo sa mga paaralan, kabilang ang gawain para mapigilan ang pang-aabuso?

☐ Oo ☐ Hindi

Tinitiyak ba naming ipinapaalam namin sa mga estudyante kung mga mandatoryong tagapag-ulat kami at ang aming mga responsibilidad sa pagiging kumpidensyal sa simula ng anumang presentasyon o talakayan?

☐ Oo ☐ Hindi

Mayroon ba kaming anonymous na paraan upang makapagtanong ang mga estudyante sa aming mga presentasyon sa paaralan?

☐ Mayroon ☐ Wala

[2] Ang Victim Rights Law Center ay mayroon ding Toolkit sa Coordinated Community Response (CCR) na makakatulong sa iyo na isaalang-alang ang mga pagprotekta sa privacy ng mga menor de edad sa isang CCR o iba pang konteksto ng mga partnership sa komunidad. Maaari mong hilingin ang Toolkit sa CCR sa PrivacyTA@victimrights.org.

© 2018 Victim Rights Law Center. Sinuportahan ang proyektong ito ng numero ng grant na 2015-TA-AX-K025 na ibinigay ng Tanggapan sa Karahasan Laban sa Kababaihan, Kagawaran ng Hustisya ng U.S. Ang mga opinyon, natuklasan, at konklusyong inihayag ay pagmamay-ari ng (mga) awtor at hindi awtomatikong kumakatawan sa mga pananaw ng Kagawaran ng Hustisya ng U.S.

Mandatoryong Pag-uulat ng Pang-aabuso sa Bata: Flow Chart para sa Mga Tagapagtaguyod na Pinopondohan ng OVW

# Toolkit sa Privacy ng Mga Menor de Edad

**Isa ka bang "mandatoryong tagapag-ulat"?**
Suriin ang inyong batas upang matukoy kung sino ang dapat mag-ulat ng pang-aabuso sa bata sa inyong hurisdiksyon. Pagtuunan ng pansin ang mga partikular na kinakailangan. Tiyaking ipaalam sa survivor sa simula—bago gumawa ng anumang paghahayag—kung isa kang mandatoryong tagapag-ulat.

HINDI → HUWAG

OO ↓

**Ang survivor ba ay isang taong nakaranas ng pang-aabusong dapat iulat?**
Ang survivor ba ay isang menor de edad na nakaranas ng pang-aabusong dapat iulat? Halimbawa, maaaring hindi mapailalim ang isang menor de edad sa mga batas sa mandatoryong pag-uulat ng pang-aabuso sa bata kung emancipated, nasa militar, at isa nang magulang ang menor de edad.

HINDI → HUWAG

OO ↓

**Nakaranas ba ang survivor ng "pang-aabuso sa bata" ayon sa pagpapakahulugan dito sa inyong batas?**

HINDI → HUWAG

OO ↓

**Hindi ka ba dapat mag-ulat sa pagkakataong ito?**
Halimbawa, protektado ba ang paghahayag ng pribilehiyo para sa biktima-tagapagtaguyod, therapist-pasyente, abugado-kliyente, o iba pang pribilehiyong nagbabawal sa paghahayag nang walang pahintulot ng survivor?

OO → HUWAG

HINDI ↓

**Dapat Mag-ulat**
Mag-ulat sa naaangkop na ahensya. Kung mayroong mga pagpipiliang ahensya, talakayin ang mga opsyon kasama ang survivor. Tiyaking ang kinakailangan lang ang iniuulat mo, at sumusunod ka sa VAWA o sa mga kinakailangan sa pagiging kumpidensyal ng iba pang tagapagpondo. Maaari mo lang iulat ang impormasyong iniaatas ng batas sa mandatoryong pag-uulat maliban kung magbibigay ng nakasulat na may-kabatirang pahintulot ang survivor na ilabas mo ang karagdagang impormasyon. Laging tandaan na gumawa ng plano para sa kaligtasan, kapakanan ng survivor, at tuloy-tuloy na suporta!

**HUWAG**

Hindi mo maaaring iulat ang pang-aabuso kundi ay malalabag mo ang pagiging kumpidensyal ng isang survivor nang wala ang kanyang nakasulat at may-kabatirang pahintulot.

VICTIM RIGHTS LAW CENTER

© 2018 Victim Rights Law Center.
Sinusuportahan ang proyektong ito ng numero ng grant na 2015-TA-AX-KO25 na ibinigay ng Tanggapan sa Karahasan Laban sa Kababaihan, Kagawaran ng Hustisya ng U.S. Ang mga opinyon, natuklasan, at konklusyong inihayag ay pagmamay-ari ng (mga) awtor at hindi awtomatikong kumakatawan sa mga pananaw ng Kagawran ng Hustisya ng U.S.

# Modelong Iskrip:
# Pagsasalita ng Mandatoryong Tagapag-ulat sa Paaralan

*Isa itong modelong iskrip para sa mga tagapagtaguyod na nagtatrabaho sa mga hurisdiksyon kung saan sila ay mga mandatoryong tagapag-ulat. Sa iskrip na ito, nakikipag-usap ang mga tagapagtaguyod sa grupo ng mga kabataan sa paaralan. Umaasa kaming babaguhin mo ang iskrip na ito upang umangkop sa iyong mga pangangailangan, kabilang ang iyong estilo ng pananalita, mga pangangailangan ng mga menor de edad na pinaglilingkuran mo, ang batas sa inyong hurisdiksyon, at mga pangangailangan ng iyong organisasyon.*

Kumusta, ako si ______________________ , at nagtatrabaho ako sa _____________________. Nagbibigay ang aming organisasyon ng mga libreng serbisyo sa __________________________________.

Narito ako ngayon upang magbahagi ng ilang impormasyon tungkol sa [karahasan sa bahay/panghahalay/pangso-stalk/pang-aabuso sa bata]. Nakakaapekto ang karahasang ito sa maraming tao sa ating komunidad, kabilang ang marami sa atin sa kuwartong ito. Maaaring partikular na pamilyar sa inyo ang ilan sa mga sasabihin ko, at maaaring may mga tanong o alalahanin kayo na gusto ninyong pag-usapan.

Bibigyan ko kayo ng sapat na oras upang magtanong, at gusto ko rin munang magbahagi ng ilang mahalagang impormasyon na nauugnay sa privacy. Lubos na naniniwala ang aming organisasyon sa karapatan ng isang survivor na magpasya kung ano ang pinakamainam para sa kanya at kontrolin kung ano ang mangyayari sa kanyang impormasyon. Dahil doon, gusto naming maunawaan ninyo kung ano ang nangyayari sa anumang impormasyong ibabahagi ninyo sa akin ngayon o sa iba sa [Pangalan ng Organisasyon] sa hinaharap.

Isa akong mandatoryong tagapag-ulat ng pang-aabuso sa bata. Sa pangkalahatan, nangangahulugan ito na kung may kilala o pinaghihinalaan akong batang inabuso o pinabayaan o inaabuso o pinapabayaan, kinakailangan ko itong iulat [sa pulisya o sa mga serbisyo sa pagprotekta sa bata]. Kahit na isa akong mandatoryong tagapag-ulat ng pang-aabuso sa bata, maaari kayong tumawag sa aming hotline nang kumpidensyal, nang hindi nagbibigay ng pangalan o edad, kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa isang bagay na nangyari sa inyo o sa kakilala ninyo. Kung ibibigay ninyo ang inyong pangalan o ang numero ng inyong telepono, maaaring ibahagi ang impormasyong ito kung kakailanganin ng pag-uulat.

Gusto kong maging tapat tungkol sa aking mga responsibilidad sa mandatoryong pag-uulat dahil kung minsan, talagang pag-uulat ang gusto ng isang survivor, kung minsan naman ay hindi. Kung gusto ninyong makipag-usap sa isang tao tungkol sa pang-aabusong nararanasan ninyo, ng isang kaibigan, o kapamilya, ikinagagalak kong makinig. Ngunit pakitandaang depende sa kung ano ang sasabihin ninyo sa akin, maaaring hindi ko mapanatiling pribado ang impormasyong iyon; maaaring kailanganin kong iulat iyon.

Gayunpaman, bagama't isa akong mandatoryong tagapag-ulat, hindi naman mandatoryong tagapag-ulat ang lahat. Mayroong mga taong maaari ninyong kausapin nang pribado at kumpidensyal na hindi kailangang mag-ulat. Makakakita kayo ng listahan ng ilan sa mga taong ito, sa aming organisasyon at sa mga organisasyong nakatrabaho at pinagkakatiwalaan ng aming mga kawani, sa handout na ibinigay ko.

Nais namin na kayo ang pumili sa mga serbisyong pinakamakakatulong sa inyo. Umaasa kaming maibibigay ng presentasyong ito ang impormasyong kailangan ninyo upang makakuha kayo ng suporta kung kakailanganin ninyo nito.

May dinala rin akong “Kahon ng Mga Tanong.” Sa katapusan ng aking presentasyon, hihilingin ko sa bawat isa sa inyo na magsulat ng isang bagay sa mga piraso ng papel na ibinigay ko: Isang tanong, isang komento, kaunting feedback sa aking presentasyon ngayong araw – kayo ang magpasya. Pagkatapos ay tupiin ang papel at ilagay ito sa Kahon ng Mga Tanong. Kahit na wala kayong tanong para sa amin, makakatulong ang pagsusulat ng isang bagay sa pagprotekta sa privacy ng mga may isinulat.

At panghuli, pakiingatan ang inyong mga sarili habang isinagawa ang presentasyong ito at pagkatapos nito. Susubukan nating gumawa ng isang ligtas na lugar dito; mayroon ba kaming magagawa na makakatulong sa inyo na mas maging kumportable?

Mayroon bang anumang tanong bago ako magsimula?

© 2018 Victim Rights Law Center. Sinusuportahan ang proyektong ito ng numero ng grant na 2015-TA-AX-KO25 na ibinigay ng Tanggapan sa Karahasan Laban sa Kababaihan, Kagawaran ng Hustisya ng U.S.  Ang mga opinyon, natuklasan, at konklusyong inihayag ay pagmamay-ari ng (mga) awtor at hindi awtomatikong kumakatawan sa mga pananaw ng Kagawaran ng Hustisya ng U.S.